



Republic of the Philippines  
Department of Environment and Natural Resources  
**Provincial Environment and Natural Resources Office**  
**MIMAROPA Region**  
Bgy. Sta. Monica, Puerto Princesa City, Palawan  
E-mail: [penropalawan@denr.gov.ph](mailto:penropalawan@denr.gov.ph)  
Telfax No. (048) 433-5638 / (048) 433-5638

September 21, 2022

**MEMORANDUM**

**FOR :** The Regional Executive Director  
DENR MIMAROPA  
1515 L&S Bldg., Roxas Blvd.  
Ermita, Manila

**THRU :** The OIC, ARD for Technical Services

**FROM :** The Provincial Environment and  
Natural Resources Officer

**SUBJECT :** **BARANGAY ORDINANCE NO. 01 SERIES OF 2022 OF  
BARANGAY SANDOVAL, ROXAS, PALAWAN**

Forwarded is the memorandum dated September 09, 2022 of CENRO Roxas along with the Barangay Ordinance No. 01 series of 2022 declaring the 88 hectares of forestland of Sitio Tiondonan, Barangay Sandoval, Roxas, Palawan as conservation area. The ordinance is in support to the Municipal LGU's declaration of Palawan Pangolin as its flagship species.

For information and record.



**FELIZARDO B. CAYATOC**

DENR-PALAWAN  
PENRO-RECORDS  
**RELEASED**  
By: *[Signature]*  
Date: **28 SEP 2022** CN. 22-2504





Republic of the Philippines  
Department of Environment and Natural Resources  
**Region IV- MIMAROPA**

**COMMUNITY ENVIRONMENT AND NATURAL RESOURCES OFFICE**

Barangay III (Poblacion), Roxas, Palawan  
Contact No. 09171606578 / 09175028647  
Email address: [cenroroxaspalawan@denr.gov.ph](mailto:cenroroxaspalawan@denr.gov.ph)

September 9, 2022

**MEMORANDUM**

**FOR** : Provincial Environment and  
Natural Resources Officer  
Sta. Monica, Puerto Princesa City

**FROM** : Community Environment and  
Natural Resources Officer  
Roxas, Palawan

**SUBJECT** : **BARANGAY ORDINANCE NO. 01 SERIES 2022 OF BARANGAY  
SANDOVAL, ROXAS, PALAWAN**

DENR PENRO  
PALAWAN RECORDS  
RECEIVED  
BY: *[Signature]*  
DATE: 09-14-2022 22-8328

Forwarded is the copy of the above mentioned ordinance declaring 88 hectares of forestland in Sitio Tiondonan, Barangay, Sandoval, Roxas, Palawan as conservation area. Said ordinance is in support to the Municipal LGU's declaration of Palawan Pangolin as its flagship species.

For information and record.

*[Signature]*  
PABLO L. CRUZ

DENR-CENRO ROXAS  
RELEASED  
DATE: SEP 12 2022  
BY: *[Signature]*  
NO. 2022-09-14 14





Republika ng Pilipinas  
Lalawigan ng Palawan  
Bayan ng Roxas

**BARANGAY SANDOVAL  
TANGGAPAN SANGGUNIANG BARANGAY**



**“SIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BARANGAY NG SANDOVAL, ROXAS, PALAWAN NA GINANAP NOONG PEBRERO 28, 2022 SA BARANGAY HALL NG BARANGAY SANDOVAL.”**

**Present:**

HON. LEOPOLDO U. GABUCO  
HON. ANTONIO L. CATALINO  
HON. BENJAMIN S. MAGBANUA  
HON. GINGINA D. LACSON  
HON. JONITO R. VENTURILLO  
HON. CONCHITA Z. VINCUA  
HON. ALUIN H. LA TORRE  
HON. CALIXTRO P. TARRE SR.  
HON. GEMELO O. DELA TORRE  
HON. JELSIE B. SABINET

Presiding Officer/Punong Barangay  
Barangay Kagawad  
Barangay Kagawad  
Barangay Kagawad  
Barangay Kagawad  
Barangay Kagawad  
Barangay Kagawad  
Barangay Kagawad  
Sk Chairman  
Barangay IPMR

**Guests:**

**ORDINANCE NO. 01 Series 2022**

**ITO ANG ORDINANSANG NAGDEDEKLARA NG WALUMPU'T WALO (88) EKTARYA NA KAGUBATAN AT KABUNDUKAN (TIMBERLAND) NG SITIO TIONDONAN, BARANGAY SANDOVAL, ROXAS BILANG “PROTEKTADONG LUGAR NA MAY SUSTINABLING PAGGAMIT NG MGA LIKAS NA YAMAN”.**

Ito ay nilagdaan ng Sangguniang Barangay ng Sandoval na:

**Sekyon 1. PAMAGAT (TITLE).** Ang ordinansang ito ay tatawaging **“PROTEKTADONG LUGAR NA MAY SUSTINABLING PAGGAMIT NG MGA LIKAS NA YAMAN SA SITIO TIONDONAN, BARANGAY SANDOVAL, ROXAS”**. ordinance No. 01-2022”.

**Section 2. PAGPAPAHAYAG NG MGA POLISIYA (DECLARATION OF POLICY).** Dahil sa napakayaman at kakaibang samot-saring buhay ilang sa Pilipinas, maraming uri nito ay dito lang sa Palawan matatagpuan, at may napakataas na bahagdan ng pagkasira o pagkaubos, idinideklara ng polisiya ng barangay Sandoval na ikonserba at protektahan ang kanilang natural na likas yaman lalong-lalo na ang kanilang kagubatan na nagsisilbing tirahan ng mga buhay-ilang, imbakan ng tubig (ground water), Non-Timber Forest Product (NTPF), at maaari din itong makatulong sa problema ng climate change.

Ito din ay bilang suporta sa munisipyo ng Roxas sa pagpili ng Palawan Pangolin bilang flagship species. Ang Palawan Pangolin ay endemic sa Palawan at nanganganib ng maubos dahil sa sobra-sobrang panghuhuli at pagbebenta sa mga ito. Ang Palawan Pangolin ay nakatira sa kagubatan. Sa pamamagitan ng pagprotekta sa kagubatan ay



kasama ding mapoprotektahan ang mga hayop na ito at iba pang threatened species o nanganganib na uri ng buhay-ilang.

**Section 3. MGA LEGAL NA BATAYAN (LEGAL BASIS).** Ang Republic Act 7160 o ang tinatawag na "Local Government Code of 1991" ay nagbibigay o nagtatalaga ng kapangyarihan, awtoridad at responsibilidad, na gampanan ang pagpapa-unlad ng kanilang komunidad upang maging epektibong katuwang ng pamahalaan para sa pangkalahatang layunin. Naaayon sa sumusunod:

Section 17 (a) Isinasaad dito na ang lokal na pamahalaan ay malayang magpatupad at gamitin ang kanilang kapangyarihan at obligasyon na ibinigay sa kanila. Kinakailangan ding ipatupad ang mga tungkulin at responsibilidad na ibinigay sa kanila ng national offices na naayon sa batas na ito. Ang lokal na pamahalaan ay may kapangyarihan din na magpatupad ng iba pang tungkulin at responsibilidad kung kinakailangan.

Gayundin, ayon sa isinasaad ng local government code 447 (a) Ang Sangguniang Bayan, bilang punong lehislatibo ng munisipyo, ay dapat mag aproba ng mga ordinansa, mag aproba ng mga resolusyon at ng mga kaukulang pondo para sa ikabubuti ng buong bayan at ng kanyang mga mamamayan ayon sa nasasaad sa Seksyon 16 ng batas na ito, at sa tamang paggamit ng kapangyarihan ng munisipyo na ipinagkakaloob sa ilalim ng Seksyon 22 ng kautusang ito, at (1) (vi) Dapat magprotekta sa kanilang kapaligiran at magtalaga ng karampatang multa sa mga gawaing makakasira sa kalikasan, katulad ng paggamit ng dinameta sa pangingisda at iba pang nakakapinsalang uri ng pangingisda, pamumutol at pagbebenta ng mga troso, pagpupuslit ng mga nanganganib na buhay ilang, halaman man o hayop, pagkakaingin, at iba pang mga katulad na gawain na magdududlot ng polusyon, pagkasira ng mga ilog at lawa, o dahilan ng hindi balanseng kapaligiran; at (5) mag aproba ng mga ordinansa na makapagbibigay ng tama at epektibong serbisyo sa mga nasasakupan ayon sa itinalaga sa ilalim ng Seksyon 17 ng batas na ito, at karagdagan sa mga nasabing serbisyo at tungkulin: (i) Magtalaga para sa paggawa, pagpapanatili, proteksyon, at pangangalaga ng kagubatan at patubig, mga parke, greenbelts, bakawan, at iba pang katulad na proyekto sa pangangalaga ng kalikasan;

**Section 4. MGA KAHULUGAN (DEFINITION OF TERMS).** Para sa intensyon ng ordinansang ito, ang mga sumusunod na terminolohiya ay dapat malinaw at naiintindihan.

**Buhay-ilang (Wildlife)** – Mga ilang na anyo at ibat-ibang uri/lahi ng mga halaman/punong-kahoy at hayop, kasama ng lahat ng yugto ng kanilang paglaki, tulad ngunit di limitado sa itlog, pupa, punta, kabilang ang mga nasa captivity o inaalagaan at pinararami; halaman man o hayop o ang mga di sakop ng anumang legal na dokumentong naghahahayag na ito ay produkto ng rehistradong buhay-ilang na hinuli at pinararami ay itinuturing pa rin na nasa ilang na anyo;

**Endemic** – Mga uri ng likas yaman na makikita at matatagpuan lamang sa mga partikular na lugar sa bansa, halimbawa, sa Palawan, dito lang matatagpuan ang Palawan Forest Turtle *Siebenrockiella leytenensis* o Bakoko at Palawan Pangolin *Manis culionensis* o Balinton;

**Konserbasyon (Conservation)** – Maayos na paggamit ng likas-yaman upang tiyakin na muling tutubo at madadagdagan pa para sa tuloy-tuloy na kapakinabangan;



nanganganib na uri (*Threatened species*) – Pangkalahatang termino na tumutukoy sa mga uri o pumapangalawang uri na itinuturing na kritikal na nanganganib, mahihina (Vulnerable) o iba pang tanggap na kategorya ng mga buhay-ilang na ang populasyon ay nanganganib na mawala:

- Critically Endangered Species** – Patungkol sa mga uri o pangalawang uri na buhay-ilang na may pinakamataas na antas ng pagkaubos sa kanilang natural na tirahan sa malapit na hinaharap.
- Endangered Species** – Patungkol sa mga buhay-ilang na hindi pa critically endangered ngunit kung walang proteksyon at patuloy ang mga gawain na makakaapekto sa kanila, ang mga ito ay magiging critically endangered din.
- Vulnerable Species** – Patungkol sa mga buhay-ilang na hindi pa critically endangered o endangered ang kalagayan ngunit ang mga ito ay nanganganib kung walang proteksyon at patuloy ang mga gawain na makakaapekto sa kanila, ang mga ito ay magiging endangered din sa hinaharap.

**Kalakalan (Trade)** – Gawaing may kaugnayan sa pakikipagpalitan, pagluluwas o pag-aangkat, pamimili o pagbebenta ng buhay-ilang, kanilang mga derabatib o “by-products”, panlokal man o pang-internasyunal;

**Imbakan ng tubig (Ground water)** - Tubig na naiipon sa ilalim ng lupa at kung walang mga punong kahoy na humahawak sa mga ito ay mawawalan ng tubig ang mga tao.

**Flagship species** – ay isang karismatikong uri ng hayop/halaman/punong-kahoy na nagsisilbing simbolo o sentro ng atensyon upang itaas ang kamalayan ng mga tao sa pagkonserba ng samot-saring buhay.


**Non Timber Forest Product (NTFP)** – Produkto mula sa kagubatan na pwedeng gamitin ng mga tao katulad ng batbat, pandan, mushroom, at honey.

**Sustainable use of Natural resources** – Sustinableng paggamit ng likas na yaman para sa ngayon hanggang sa susunod na henerasyon.

**Protected area** – isang pinangangalagaang lugar na kinilala sa pamamagitan ng isang legal na basehan upang makamitan ang pangmatagalang konserbasyon ng kalikasan at lahat ng makikita at nakatira sa lugar na ito.

**Wardening Scheme** – Ito ay regular na pagpapatrolya ng mga wardens/bantay sa loob ng protected area o pinangangalagaang lugar.

**Section 5. NASASAKUPAN (SCOPE).** Sakop ng ordinansang ito ang lugar na may sukat na walumpu't walo (88) ektarya ng kagubatang nasasakupan ng **Sitio Tondonan** sa Barangay Sandoval, Roxas, Palawan. Ang lokasyon at deskripsyon ng hangganan ng Sandoval Local Conservation Area ay ang sumusunod:





**5.1. Paglalagay ng mga signboard, at bio-fencing (Installation of signboard, and bio-fencing).** Maglalagay ng mga tanda o marka na malinaw na magsasabi ng hanganan ng nasabing lugar upang malaman ng mga tao na ito ay ang pinamamahalaang lugar ng barangay Sandoval katuwang ang Kataala Foundation Inc.

## **Section 6. MGA IPAGBABAWAL AT MGA KAUKULANG PARUSA SA MGA LALABAG SA PATAKARAN NG PROTEKTADONG LUGAR.**

**6.1. Mga gawaing ipinagbabawal (Illegal Acts).** Ipinagbabawal ang pagsira sa likas na yaman, buhay-ilang at ng kanilang natural na tirahan ayon sa RA 9147, katulad ng:

- a. Pangongolekta at pagtataglay ng mga buhay-ilang na galing sa protected area;
- b. Pagtatapon ng basura na maaring makaapekto sa mga buhay ilang at tirahan ng mga ito;
- c. Pagtira o pag okupa sa loob ng pinamamahalaang lugar;
- d. Pagkuha ng mga minerals;
- e. Pagsusunog;
- f. Pamumutol ng mga troso o punong kahoy;
- g. Quarrying (Hal. bato, graba, buhangin, non-metallic minerals etc.);
- h. Paninira ng natural na ganda, o mga bagay na may kinalaman sa pagpapanatili ng cultural communities (or scenic value);
- i. Pagtanggal o pagsira ng mga signboards at mga itinanim bilang biofence.

Ang mga gawaing ito ay ipinagbabawal sa mga batas pangkalikasan at lalong nabibigyang diin sa mga kinikilalang protektadong lugar.

**6.2. Parusa at Multa (Fines and penalties).** Ang sinumang lalabag sa nasabing ordinansa ay mapapatawan ng parusa at multa na:

Unang Paglabag: Multa sa halagang 300.00

Ikalawang Paglabag: Multa sa halagang 700.00

Ikatlong Paglabag: Multa sa halagang 1,000.00

At kung ang nasabing lugar ay nangangailangan ng pagsasa-ayos or restoration, ang nagkasala ay dapat tumulong sa pagpapanumbalik at pagsasaayos ng nasirang lugar.

**6.3. Mga multa (Administrative fines).** Ang Barangay Sandoval ay magtatalaga ng mga kaukulang multa sa mga gawaing ipinagbabawal. Ipatatawag ng Barangay ang nagkasala at pakikingan ang kanyang salaysay at base doon ay magdedesisyon ang barangay sa merito ng kaso.

**Section 7. PERA NA MANGGAGALING SA MGA MULTA (INCOME DERIVED FROM COLLECTED FINES).** Singkwenta porsyento (50%) na manggagaling sa mga multa ay mapupunta sa isang special trust account na may pangalang "PROTECTED AREA MANAGEMENT" at ito ay gagamitin para sa pangangalaga at pagpapanatili ng nasabing lugar at ang natitirang 50% ay mapupunta sa trust account ng Barangay Sandoval.



## **Section 8. PAMAMAHALA (MANAGEMENT).**

**8.1. Responsibilidad ng LGU Sandoval -** Ang LGU Sandoval ang didinig sa mga usapin at problema sa pagpapatupad at pamamahala ng protected area at ang KFI ay dadalo sa barangay session tuwing ika-anim na buwan upang ipaabot ang mga isyu o kaganapan sa nasabing lugar katulad ng mga ginagawang pag-aaral sa mga buhay-ilang katulad ng mga balinton, pagong at iba pa. Maaring magpatawag ng special sessions ang barangay kung may mga kailangang pag-usapan na hindi na makapaghihintay ng regular na session.

**8.2 Responsibilidad ng Katala Foundation Inc. -** Ang tungkulin ng Katala Foundation Inc. ay ang mga sumusunod:


- a. Gagawa ng management plan para sa local conservation area;
- b. Magpapatupad ng pangangalaga ng naayon sa management plan;
- c. Mananaliksik tungkol sa mga buhay-ilang at mag iimbentaryo ng mga buhay-ilang;
- d. Hahanap ng tulong pinansyal, lokal man o internasyunal upang magamit sa pangangalaga at pagmimintina ng nasabing lugar;
- e. Magbibigay tulong technical;
- f. Wardening scheme
- g. Magsasagawa ng mga information campaign (IEC) upang mapataas ang antas ng kaalaman at pakikiisa ng komunidad sa pangangalaga ng mga buhay-ilang at ng kanilang tirahan.

**Section. 9. PAGTATAKDA NG PAGHIHIWALAY (SEPARABILITY CLAUSE).** – Sa kung anumang kadahilanan, sakaling may probisyon, seksyon o parte ng ordinansang ito na ideklarang walang bisa ng isang korte o suspendihin ng isang awtoridad, ang mga probisyong hindi maaapektuhan ng suspensyon at pagpapawalang bisa ay mananatiling ligal at may bisa.


**Section. 10. PAGKAKABISA (EFFECTIVITY CLAUSE).** Ang ordinansang ito ay magkakabisa labinlimang araw (15 days) pagkatapos ng pagkakalathala o pagpapaabot nito sa mga mamamayan.

PINAGTIBAY NG LAHAT.


Pinatutunayan ko na pinagtibay ng Sangguniang Barangay ng Barangay Sandoval, Roxas sa kanilang karaniwang pulong ang kautusan na nasa itaas.


  
**GINA Z. RODRIGUEZ**  
Barangay Secretary


**Attested by:**


  
**HON. LEOPOLDO U. GABUCO**  
Punong Barangay/ Presiding Officer


**CONCURRED:**


  
**HON. ANTONIO L. CATALINO**  
Barangay Kagawad


  
**HON. BENJAMIN S. MAGBANUA**  
Barangay Kagawad


  
**HON. GINGINA D. LACSON**  
Barangay Kagawad


  
**HON. JONITO R. VENTURILLO**  
Barangay Kagawad

  
**HON. CONCHITA Z. VINCUA**  
Barangay Kagawad


  
**HON. ALUIN H. LA TORRE**  
Barangay Kagawad

  
**HON. CALIXTRO P. TARRE**  
Barangay Kagawad

  
**HON. GEMELO O. DELA TORRE**  
Barangay Kagawad

  
**HON. JELSIE B. SABINET**  
Barangay IPMR

Approved by:

  
**HON. LEOPOLDO U. GABUCO**  
Punong Barangay